## Mega Job Fair at SM City Molino: 91 job seekers hired on the spot P.6


# BANTAY BALITA

NEWS PUBLISHING SERVICES

YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

VOLUME 1 NO. 50 10.00 SEPTEMBER 11 - 17, 2023



## Silang MPS named best police station in Calabarzon P.2



SSS Pres Rolando Macasaet

## Mga bossing sa SSS, konting awa naman

*Sundan sa pahina 3*




FIRST Lady Liza honors 'soulmate' Bongbong on 66th birthday: How sweet, nakakikilig ang matamis na pagbati ni Mrs. Marcos sa pagdiriwang ng ika-66 kaarawan ng kanyang mister nitong Miyerkoles, Setyembre 13, 2023.

Binati ng Unang Ginang si Pangulong Bongbong Marcos hatinggabi ng Miyerkoles nang magiliw na tinawag nya ito na kanyang "soul mate."

## You are very welcome, Lady Jacinta!



JACINTA REMULLA


***WELCOME** na welcome ang malimit na pagbisita ni Lady Jacinta Remulla sa Naic na may dalang ayuda at tulong. Basahin ang buong istorya sa kolum ni Gene Taparan Tan sa pahina 3*

# EO, No. 39 enforcement, going well

THE implementation and enforcement of the mandated price caps on rice is going well as expected, based on reports by the implementing agencies of the Executive Order (EO) No. 39 during a sectoral meeting.

"So far, the implementation and enforcement is going as well as we can expect," President Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr. t said in a media briefing in Quezon City, Tuesday, Sept. 12.

The Chief Executive acknowledged that it is expected that some small and micro rice retailers were hesitant to comply with the mandate as they were uncertain that they will receive a compensation.



PBBM said the distribution of livelihood grants, led by the Department of Social and Welfare Development (DSWD), would help encourage them to comply with the enforced price cap.

"Last Saturday, nagsimula na sila na magbigay ng tulong sa ating mga retailer at para nagkaroon naman ng effect na 'yung iba na ayaw magtinda muna ng kanilang bigas ay dahan-dahang lumalabas na dahil nakakasiguro sila na kahit papaano mayroon silang matatanggap para kapalit doon sa kung malulugi sila dahil sa pagbili nila ng (bigas sa) mataas na presyo," Marcos said.

Based on the initial list provided by the Department of Trade and Industry (DTI), there are 5,942 affected rice retailers who have business permits in public and private markets, and may be considered for the grant based on the DTI's vetting process.

The President reiterated that imposing the mandated price caps on rice in the long-term is not a sustainable solution to the problem of increasing prices of the staple in the market.

Earlier, Marcos mentioned the price cap is only temporary until sufficient supply from local producers and imports are available./ **PND**

## Police director, 4 deputies charged with kidnapping, planting of evidence

CHARGES of kidnapping, serious illegal detention and planting of evidence were filed against Bulacan Police Provincial Director Colonel Relly B. Arnedo as principal and four deputies along with several policemen and civilians as accomplices for their role in a drug buy-bust operations.

Orlando Mauricio, a correspondent of Manila Standard, and editor-publisher of Metro News Bulacan charged Arnedo for arbitrarily arresting his son, Oliver Paul dela Cruz Mauricio without a wrrant.

He filed his complaint last August 31, 2023 before Senior Assistant Provincial Prosecutor Alehandro G. Ramos.

In his counter-affidavit with counter-charge released the other week, Mauricio claimed his son was arrested, about 4 pm, Aug. 16, 2023 near his residence in Malolos City

*See page 2*

## Calabarzon workers tatanggap ng P35-P40 daily wage increase P.2

# Calabarzon workers tatanggap ng P35-P40 daily wage increase



Rep. Jolo Revilla



Mayor Voltaire Ricafrente



Mayor Dino Chua



Mayor Angelo Aguinaldo



Mayor Denver Chua

SIMULA Setyembre 24 ngayong taon, tatanggap ng dagdag na P35-P40 sa arawang sahod ang lahat ng manggagawa sa mga probinsiya ng Cavite, Laguna, Batangas, Rizal at Quezon (Calabarzon) sa region 4-A.

Masaya itong ibinalita ni Cavite 1st District Congressman Jolo B. Revilla na noong siya ay bise governador ay nagsumikap na maitaas ang arawang sahod ng karaniwang manggagawa sa rehiyon.

"The wage increase po ay pinagtibay na ng Regional Tripartite Wages Productivity Board (RTWPB) at ito po ay ating ipinagpapasalamat,' sabi ni Revilla.

Nabatid na aabot sa dalawang milyong obrero sa Calabarzon ang kahit paano ay magiginhawahan sa umentosa sahod na pinagtibay ng RTWPB, sabi ng mambabatas.

Pinasalamatan ni Revilla ang mga kapwa kongresista sa rehiyon na tumulong upang maisampa sa Kongreso ang panukalang dagdag sahod.

Sa House Resolution 888 na iniharap ni Revilla at mga kapwa kongresista, hiniling sa RTWPB na pag-aralan at itaas ang minimum wage rates ng mga manggagawa sa Calabarzon.

Sinabi ni Rosario Mayor Voltaire Ricafuente na makatutulong ang umento sa sahod ng mga manggagawa, lalo na sa mga nasa pabrika, opisina, at mga establisimyento sa loob ng Cavite Export Processing Zone.

Pinasalamatan naman ni Noveleta Mayor Dino Reyes Chua ang RTWPB na pinakinggan ang daing ng mga obrero na nahihirapan sa patuloy na pagtaas ng mga bilihin at serbisyo.

Aniya, maliit man ang naidagdag sa arawang sahod, kahit paano makadaragdag ito sa gastusin.

Ayon naman kay Kawit Mayor Angelo Aguinaldo, napapanahon ang umento sa daily wage na ibinigay sa mga manggagawa sa Caabarzon.

Pinasalamatan ni Aguinaldo si Revilla at ang kapwa nito kongresista sa Calabarzon na sumuorta sa pagbibigay ng umento sa arawang sahod ng karaniwang obrero.

"Salamat naman po at pinakinggan ng RTWPB ang hinaing ng ating karaniwang wage earners. This would significantly help our workers in public and private offices. Makatutulong ito nang malaki sa araw-araw na gastusin,' sabi ni Cavite City Mayor Denver Reyes Chua. /**BantayBalita Desk**

# Silang MPS named best police station in Calabarzon




Photo courtesy of Ramon FVelasquez

**CALAMBA City --** Silang Municipal Police Station (MPS) was awarded Wednesday, September 6, 2023 the recognition as the Best Police Station in Calabarson at Camp Vicente Lim, this city, during the 122nd Police Service Anniversary.

In a congratulatory statement posted in his social media page, Mayor Kevin Anarna congratulated the officers and personnel of the MPS for their dedication and professionalism in local law enforcement .

"We invite you to join us in celebrating their outstanding achievement and in expressing our gratitude for their tireless efforts in keeping Silang safe," Mayor Anarna said.

Silang MPS has consistently provided top-notch law enforcement services to ensure the safety and well-being of our residents, the mayor added.

Further, Anarna said,"Together, we can make our community an even safer and more vibrant place to live."/**JANETH BILBAO**

# Police director... *from page 1*

without warrant.

Two hours later, the police team returned to the scene with Oliver Paul in handcuffs, who was pictured as having been arrested in a buy-bust.

Mauricio,an awardee of the 'PNP Outstanding Journalist of the Year in 1997', described the alleged 'buy-bust that stinks like a poso negro of a well-scripted, stage-managed operations."

In the complaint, he named the other respondents:

* PSSg Jose DP Uring, for grave threats, kidnapping and planting of evidence;

*Lt. Col. Jesus Manalo Jr, chief of provincial intelligence unit; Lt. Col. Laurente A. Acquiot, deputy provincial director for operations, for kidnapping and planting of evidence;

* PSSg Salvador A. Quitaleg, Pat. Aries L. Oronce, P/Cpl. Harvin Jay C. Tolentino, Leolie dela Torre of PDEA, kidnapping and planting of evidence;

* P/Major Nurheda Usman of Bulacan Police Public Information Office, accomplice;

* Mary Joan Lopez Maclang, Barangay Kagawad of Mojon, Malolos; Perlito M. Garcia of DOJ-Malolos Office; Gina Lopez Borlongan of Saksi Ngayon tabloid, all accomplices in the planting of evidence;

* Lt. Col. Gina Mananquil Camposano, forensic chemist; and, Lt. Alejandro J. Agsalda, administering officer-forensic unit; accomplices in the planting of evidence.

Mauricio said he filed the complaint "to seek for justice and truth so that my son (and other people similarly situated) will be cleared of wrongful accusations."

In the complaint, Mauricio submitted clear CCTV recordings of what really happened.

"The police wore no body-cams and merely presented pictures of a re-enactment of a buy-bust," Mauricio said.

Oliver Paul, who has been detained since Aug. 16.

The police report said that they confiscated from the arrested suspect two pieces of plastic sachets containing suspected shabu and another two pieces of plastic sachets of suspected cocaine.

Also the report said that Oliver Paul was arrested at exactly 6:15 PM on Aug. 16, in Barangay Mojon, Malolos City, in a corner street adjacent to the Mauricio residence.

But Mauricio said that a footage of CCTV showed that the "arrest" took place earlier around 4:00 pm that same day.

He said that the "arrest" was part of a "moro-moro" intended to please someone.

Mauricio said, "The kidnapping of my son took place at 4:07 PM and all the actions were recorded in CCTVs. "

Copies of the affidavit with counter-charge, CCTV footage and all other pieces of evidence have also been submitted to the Office of the Presidential Task Force on Media Security for proper action, Mauricio said./ **ADELA R. ZAMORA**

# You are very welcome, Lady Jacinta!

MARAMI ang nagtatanong at nagtataka, bakit daw, sa maraming okasyon, dumadalo, nakikiisa sa maraming okasyon, celebration, aktibidad ang anak na dalaga ni Justice sec. Boying Remulla?

Kapag bumibisita si Sec. Boying, kasama niya si Ma'am Jacinta, at ng mga nakaraang linggo, umaatend siya sa Monday flag ceremony, kasama sina Mayor Raffy Dualan, Vice Mayor Jun Dualan at mga konsehal at mga opisyal at tauhan ng munisipyo ng Naic.

Pag may kalamidad, kasama si Ma'am Jacinta sa pamimigay ng relief goods, gamot at maging ng ayudng pinansiyal sa mga residente.

May mga larawan na kamiting niya ang mga pulis, mga barangay officials, at aktibo siya sa mga kilusang bayan, at todo naman ang suporta sa kanya ng magkapatid na Dualan.

Kamakailan, nakita natin sa kanyang official social page, namigay si Lady Jacinta ng 100 wheelchairs at 100 tents , na sabi niya, "atin pong ipinamahagi sa bawat barangay at schools, maging sa iba't ibang offices at departments sa bayan Naic."

Ang maganda ay ang pagpapasalamat niya kay Mayor Raffy Dualan, sabi ni Lady Jacinta, ang makisig na alkalde ay "game ipakita kung gaano katibay ang ating wheelchairs."

Sabi pa nga niya, sana ay makatulong ang ipnamigay niyang wheelchairs at tent sa lahat ng nakatanggap niyon, at kami naman dito sa BantayBalita ay natutuwa at nagpapasalamat sa maraming tulong niya sa aming kababayan.

Sa kanyang social media page, pinasalamatan din ni Lady Jacinta si Vice Mayor Jun Dualan sa ipinakikita sa kanyang matamis na pagtanggap tuwing dumadalo siya sa mga pagtitipon o aktibidad sa Naic.

May usapang "marites' kaming naririnig at sinasabi sa amin kaya busy lagi si Lady Jacinta sa aming bayan, pero hindi ko muna sasabihin, kasi baka, mali ako.

Pero may tainga ang sitsit at balita na may kinalaman sa eleksiyon sa 2025.

Pära sa amin, kung maganda naman ang layunin at sa ikabubuti at ikagiginhawa at ikauunlad naming Naicquenos, aba, welcome na welcom sa amin si Lady Jacinta.

Okay naman kina Mayor Raffy at Vice Mayor Jun, aba, lalong matutuwa kami.

Kaya ngayon pa lamang, bukas-palad naming tatanggapin si Lady Jacinta.

You are very welcome po sa amin, at maraming 'Thank you' po sa inyong kabutihan at mga tulong sa amin.

@@@

Tama po, totoo po ang balita: ako po ay tatakbong Kagawad sa aming Barangay Makina.

Unang paglahok ko ito sa lokal na politika at maraming salamat po sa mga nagpaabot ng suporta sa inyong lingkod.

Mabuhay kabayang Naicquenos!

Para sa iyong komento: 0969-181-1911; sarfia926@gmail.com



**SA TOTOO LANG!**

**by GENE T. TAN**




*Dulong kanan, katabi ni Vice Mayor Jun Dualan si Lady Jacinta Remulla, ikatlo sa kaliwa, Mayor Raffy Dualan at ilang opistal ng Naic LGU.*

# Mga bossing sa SSS, konting awa naman


BFF talaga sina PBBM at VP Inday Sara --sa ngayon, sabi ng aming ka-Marties sa Bulacan --, kasi nag-thank you si VP nang suportahan siya sa mga banat tungkol sa 2022 confidential Fund na ibinigay sa OVP.

"I want to express my heartfelt gratitude to President Ferdinand Marcos Jr. and to several officials of his administration who stood by the Office of the Vice President as it faced the storm of attacks on the 2022 Confidential Fund," sabi ni VP Inday.

Bakit rice traders ang binibigyan ng ayuda sa inaasahang pagkalugi sa rice cap ni Prez Bongbong, e makuwarta ang mga yan, e paano si Ako, si Kami na walang pambili ng kahit durog na bigas at kaya lamang ay talbos ng kangkong at kamote.

Naturingang economic expert daw ang economic team sa Palasyon na duling at pisak ang mga mata sa bituka ng mga walang pensiyong seniors at PWDs at inabandonang solo parents.

Panginoon, dalangin ko po, bigyan pa ako ng malakas na pananampalataya at pagtitiyaga sa paghihintay -- hanggang kailan kaya kung patay na ang kabayo sa paghihintay ng tuyong damo --, na maibigay ang lumpsum claim ko sa SSS benefits ng anak kong namayapa na, at ko ang legitimate claimant.



**Sa Ganang Akin**

**by Adela R. ZAMORA**

Lord, bigyan mo po sana ng awa ang mga bossing ng SSS, pakiusap naman po, Presidenr Roland Macasaet, sana po ay matapunan ako ng kahit konting pagtingin, lalo na po at malapit na naman ang aking kaarawan sa Oktubre nang may maipanlugaw ako at maipambili ng asin o tuyo o tinapang Salinas sa bayan ng Rosario, Cavite na noong nabubuhay pa si Mayor Nonong Ricafrente Jr. ay sako-sakong bigas at bilaong tinapang salinyase ang ipinamimigay sa tulad kong "thunder" na mediaperson.

Kaawaan sana po ng konting habag ang mga taga-SSS, amen. (arzmedia777@yahoo.com)

@@@

TUNAY, napakahirap na mawalan ka ng tanging iyong minamahal, lalo na at karugtong ng iyong buhay.

Lalo na kung walang sabi na nagpaalam sa mundong ito ay kagagawan ng tampalasan, tulad ng ginawa sa anak kong si Joselito -- si Joselito na hindi lamang mata at lakas ng aking katandaan kungdi ilaw rin sa madilim na daan ng tulad ko at ng kabarangay na pinaglilngkuran.

Maraming gabi sa aking pag-iisa ay kinakausap ko ang kanyang kaluluwa, alam kong namimighati siya pagkat malayang pumapatay pa ang salaring kumitil ng kanyang buhay.

How my son taught me how to love unconditionally.

Life is very short, and I had not spend with him that much, and now I long so much as I look up from my phone: wala na ang malambing niyang tawag at ang pangungumusta sa aking karamdaman.

Wala na siya at ngayon, lalong tumitindi ang pananabik ko sa anak kong si Joselito.

Kayo na may mga anak pa, may mga minamahal pa na kapiling ngayon, live and love them most everyday like it's your last.

Isang araw, lilisan sila, aalis nang hindi inaasahan, kaya sabihin nyo na ngayon, mahal na mahal kita,,, tell the ones you love that you love them the most everyday.

Higit sa lahat, I praise and worship You, Almighty GOD for this woderful life.

Para sa inyong komento, mag-message lang po sa arzmedia777@yahoo.com


BANTAY BALITA NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1, Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369

Founder: HENRY E. CAOILE
Publisher: DOMZ B. CAOILE
Editorial Consultant: ELI TAPARAN II
Special Projects Director: ADELA R. ZAMORA
Copy Editor: LUKAS DA SILVA
Chief of Reporters: GENE TAPARAN TAN
Contributing Writers: LOD BELTRAN
NOLI LIWANAG
ED 'MUTO' G. CUENCA
JOJO SICAT
Contributing Editor: RUEL FRANCISCO

member papi PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES INC.



Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

*NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.*



*Kasama ang mga opisyal ng RAISE at si Dr. Eric Tayag, Health Undersecretary, at iba pang city health employees.*

# RAISE: Kalinga kina Grandpa, Grandma

KASI doktora ang 'Nanay" ng Carmona City, kaya priority ni Dra. Dahlia Loyola ay ang magbigay kalinga sa kalusugan at pag-iwas sa sakit ng mga lola at lolo.

Kamakailan, sa pangunguna ni 5th District Rep. Atty. Roy Loyola at ng pamahalaang lungsod ng Carmona, sa pagdiriwan ng Grandparents Day, nagtulong-tulong na ipatupad ang programang Raising Awareness on Influenza to Support Elderlies Coalition (RAISE).

Magkakasama ang City Health Office, (CHO), Philippine Foundation for Vaccination, at iba-ibang ahensiya ng pamahalaan at samahang sibiko na nagbigay ng libreng bakuna laban sa flu at Covid-19 booster shots sa mga senior citizen ng bagong siyudad ng Carmona.

Bukod sa bakuna, nagbigay rin ng libreng medical consultation ang tropa ni Dr. Lulu Bravo ng RAISE, Dr. Homer Aguinaldo ng CHO, Mr. Ding Latoja ng Senior Citizens Partylist, Dr. Maria Beartxi Gueco Duzon ng DOH-CHD 4A, at ni Department of Health (DOH) Undersecretary Dr.Enrique Tayag.

Sabi nga ni Dra Mayor Dahlia, laging una sa kanyang programa ang kalusugan ng matatanda at mabigyan sila ng gamot, bakuna laban sa sakit at mga bitaminang pampalakas ng resistensiya upang humaba pa ang kanlang buhay.

"Kaya po ang health program ng mamamayan ang lagi nating priority at lagi nating sinusuportahan at tinatangkilik," sabi ni Mayor Loyola. **/LIZA FE BONETE**



*Iniiniksiyonan ni Dra. Mayor Dahlia Loyola ang isang lola ng anti-flu vaccine*







MAGTATAYO ang lokal na pamahalaan ng General Mariano Alvarez (GMA) ng mass grave upang maging himlayan ng mahigit 3,000 mga labi na napabayaan na at hindi makilalang bangkay sa Garden of Memories.

Noong Lunes, Setyembre 11, sinimulan na ang serye ng pagdinig publiko at paghahatid impormasyon sa mga barangay para sa panukalang mass grave project.

Iikutin ang lahat ng 27 barangay ng GMA upang makuha ang mga suhestiyon ng mga residente ukol sa planong himlayang bayan.

Sinabi ni GMA Mayor Maricel Torres na magkakaroon ng Mobile Public Announcement sa Setyembre 16 at 17 upang maipabatid sa mga kababayan ang mga layunin ng nasabing proyekto.

Nabatid na magsasagawa ang pamahalaang lokal ng 11-araw na paghuhukay at pag-iipon ng mga buto at kalansay at mga labi ng mga hindi makikilalang bangkay na ilalagak sa big cross vault.

Umaasa si Mayor Torres na matatapos ang mass grave project kasabay ng Undas sa Nobyembre 1./ **Public Information Agency-Cavite**

# CPJ celebrates 65th Founding Anniversary

CAVITE Provincial Jail (CPJ) marked a momentous occasion as they celebrated their 65th founding anniversary on September 8, 2023 with showcase of talents, fun games, and recognitions.

Mr. Roland Costales, Assistant Provincial Warden, extended his warm welcome to the distinguished guests and participants.

He commended the unit personnel, recognizing their dedication and hard work that led to their well-deserved promotion.

More so, he instilled in everyone's minds to always pursue goodness in their actions and congratulated everyone for CPJ's accomplishments, having LINKod Beyond Bars program qualified in the national validation for the Galing Pook Awards.

Jail personnel were presented Performance Award and Appreciation Award, acknowledging employees who excelled and performed their duties well.

Mr. Noel Alegre, emphasized the amount of time employees spent with their colleagues at work – 8 hours a day, 40 hours a week, 170 hours a month, longer than the times spent with their families and loved ones.

In closing, Mr. Ariel Cahigan imparted that the institution's role is not to suppress the freedom of persons deprived of liberty (PDLs), but to rehabilitate them to be better individuals in preparation to their reintegration to community.

Filled with engaging intermission numbers and parlor games, the PDLs enjoyed the 65th founding anniversary celebration.

Cavite Provincial Jail was founded in 1958 and evolved into a progressive institution that provides a supportive environment for PDLs, giving them hope, opportunities, and a pathway to a brighter future. - **OPIO**







# Tara na sa Unlad Pier

NAGING napasaya ang pormal na pagbubukas sa publiko ng pamahalaang lungsod ng Cavite ang Unlad Pier noong Martes, Setyembre 3.

Sa okasyon, nakisaya ang mga residente ng siyudad kina Cavite First District Representative Jolo Revilla, Mayor Denver Chua at Vice Mayor Raleigh Rusit sa kasayahan sa inagurasyon ng bagong pantalan na napuno ng masisiglang musika na kasabay ng Live Birthday Concert sa bagong Amphitheater.

Sinabi ni Rusit na inaasahang aakit ng maraming pasahero ang bagong pier dahil makapagbibiyahe na mula sa Cavite City patungong Corregidor Island at Mall of Asia sa lungsod ng Pasay.

Dahil sa magaang at mabilis na biyahe sa barko patungo at balikan mula Cavite city-Corregidor Island, daragsa ang mga lokal at dayuhang turista na nais mapasyalan ang bantog na kutang bato na tanggulan ng mga sundalong Filipino at Amerikano sa pananakop ng Imperial Japanese Army noong Second World War. / via VM Rusit







HOW sweet naman ang mensahe ni Bilyonaryo Manny Villar sa pagbati sa kanyang dearest dearest wife, Senator Cynthia Villar sa selebrasyon ng kanilang 48th year of marriage.

Basahin natin: "We were both 25 when we exchanged " do's,' 48 years later, we have a love that has stood the test of time, and a family that I could not be more proud of."

Sa hirap at ginhawa, sinabi ng pangulo/CEO ng higanteng Vista Land at iba pang korporasyon at negosyo, na naging matatag sia bilang mag-asawa.

"Through thick and thin we've been partners, we've had each other's back, and leaned on each other as a pillar of strength and a source of joy," sabi ni Villar na dating Speaker of the House at Senate President.

Aniya pa:"Happy anniversary, dearest Cynthia!"/**DBC**



BANTAY BALITA
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KATAMPI NG BAYAN
SEPTEMBER 11 - 17, 2023

# Mega Job Fair at SM City Molino: 91 job seekers hired on the spot












COLLABORATION and community support led to the success of the Mega Job Fair Caravan held at SM City Molino, City of Bacoor on September 8, 2023.

The event organized by the Office of the Provincial Public Employment Service (PPESM)Manager headed by Ms. Rizalie Pinpin-Enero, and the Provincial SK Federation, led by Honorable Tom Carlo Ardemer, in partnership with the City of Bacoor Public Employment Service Office (PESO), drew 403 jobseekers from the city and nearby areas.

The Mega Job Fair Caravan was graced by Congresswoman Lani Mercado Revilla and Vice Mayor Rowena Bautista Mendiola, who attended the event to prove their unwavering support for the job fair and the community.

One of the highlights of the day was the success of 91 jobseekers who secured employment on the spot, underscoring the event's effectiveness in connecting jobseekers with potential employers. **-OPIO**

# Happy Birthday po, Mr. President





MAKIKIRAAN PO!

ni Janet W. Bilbao

TILA nga wala pang balak si Presidente Bongbong Marcos na bitawan ang Department of Agriculture (DA), kasi, wala pa raw makitang ipuwesto na kalihim ng departamento.

Bakit hindi piliin si dating DA Sec. Manny Pinol na maalam kung paano matitiyak ang food security ng bansa.

Hindi po armchair secretary si Pinol, katunayan, marami siyang alam kung paano mapaparami ang aning palay, gulay; mapaparami ang ating livestocks at isda.

Tunay na farmer si Pinol: alam niya ang gagawin.

Sana makita ni PBBM ang potensiyal ni Sec. Manny -- na naintriga lamang noong panahon ni dating Presidente Duterte.

Tungkol sa kakapusan ng bigas, may birthday wish ang Pangulo, sabi nya, sana raw ay maayos na ang agrikultura.

Wish din niya na matiyak ng gobyerno ang magiging kalagayan ng panahon ngayong taon at sa 2024, ito ay makararanas tayo ng wet o dry season.

Kung agad na malalaman, makapaghahanda tayo upang maiwasan ang masamang epekto nito sa ating magsasaka.

Nais niya na matulungan natin ang ating farmer, fishermen at mga nag-aalaga ng manok, baboy at baka.

"Yun lamang naman ang aking panalangin pa rin hanggang ngayon," sabi ni PBBM

Sana, mangyari ang birthday wish niya, ngayong siya ay 66 years old na.

@@@

Ang daming nag-file ng candicacy para kapitan, kagawad ng barangay.

Kung ako lang, aalisin ko ang Sangguniang Kabataan, kasi sa karanasan, mas natututuhan ng mga kabataan ay katiwalian -- na personal na nakikita sa kanilang mga opisyal ng barangay.

Mas mabuting ubusin ng mga kabataan ang panahon nila sa pag-aaral o paghahanapbuhay, hindi ang politika.

Pansin ko, marami sa tumatakbo ay jobless o nais na magkatrabaho at ang tingin sa barangay ay employment office.

Sila yung aasa sa pondo ng barangay pag nahalal.

Parang job seekers o aplikante sa trabaho ang mga kandidato, kaya dapat sapagpili natin, tingnan ang edukasyon, skill o mga alam sa pamamalakad sa gobyerno.

Kukuha ka ba ng driver na hindi marunong magmaneho e wala pang lisensiya?

Maging matalino, tumingin sa kuwalipikasyon, at hndi dahil sa pogi, sexy o sikat o mabait, e iboboto na.

Wag lang sa "limang daan" titingin kungdi kung nasa tamang daan.

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT

Notice is hereby Given that the estate of the late spouses **ONOFRE LUMAGUI and ISIDRA R. LUMAGUI** Who Died on December 19, 2009 and September 20, 2010 that the said spouses Left a parcel of Land covered transfer certificate title No. T-832895 Situated in pasong Camachile. municipality of Gen. Trias, Containing an area of ( 20,068 ) SQM. Transfer certificate of TITLE No.T- 129 2808 Situated in Bo. Pasong Camachile, Gen.trias, Cavite Containing an area of ( 36 ) SQM. Transfer certificate TITLE No. T-1073013 Situated in Bo. Pasong Camachile, Gen.trias, Cavite, Containing an area of ( 1,162 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among the Legal heirs Executed before notary public atty. Christopher P. Columna under DOC. No. 521 page No.106 Book No.25 Series of 2021 Notarized Date February 18. 2021

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**SEPTEMBER 11, 18 & 25, 2023**

## EXTRA JUDICIAL PARTITION OF THE ESTATE OF THE LATE MARIO F. GUEVARA

Notice is hereby Given that the estate of the late **MARIO F. GUEVARA,** Who Died on October 21, 2001. At indang Cavite, Left a parcel of Land covered By Tax Declaration No. AA-10-0018-00049 Containing an area of ( 1,353 ) SQM. Located at Cayquit 3, indang, Cavite, 113 portion of the Said property ( 451 SQM. )Tax Declaration No. AA-10-0018-00050 Located at Cayquit 3, indang, cavite Containing an area of ( 425 ) SQM. Tax Declaration No. AA-10-0001-00593 Containing an area of ( 1,144 ) SQM. Located at pob. 1, indang, Cavite. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among the Legal heirs, Executed before atty. Jose R. Bawalan under DOC. No. 52 Page No. 11 Book No. VII Series of 2023 Notarized Date: May 11. 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**SEPTEMBER 11, 18 & 25, 2023**

## AFFIDAVIT OF SELF ADJUDICATION

Notice is hereby given that the estate of the late **Bernard Dig-igBugnalen** who died on April 05, 2012 in Antipolo City and **Jericho PacupiaBugnalen** who died on September 06, 2021 in PGH, Manila, left a parcel of land covered by Certificate of Title No. 1114012 situated in Blk 7 Lot 20 Springville South-1, Molino 4, Bacoor City, (117) sqm extra judicially settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Chris Noel A. Bendijo under Doc. No. 132 Page No. 27 Book No.XI Series of 2022, Notarized date: October 07, 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**SEPTEMBER 4, 11 & 18, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF VIRGINIA M. PULIDO

NOTICE is hereby Given that the estate of the late **CESAR R. PULIDO and VIRGINIA M. PULIDO** Who Died on January 21, 2019 and January 24, 2002 Respectively in California, U.S.A Left a parcel of Land Covered by transfer certificate TITLE T- 63928, Situated in Sanja Mayor, Tanza, Cavite ( 39,467 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG THE LEGAL HEIRS, Executed before Atty. EARL ALFRED H. REYES under DOC. No. 146 Book No. 31 page no.VI Series of 2023 notarize Date: August 10, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**AUGUST 28, SEPTEMBER 4 & 11, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH DEED OF ABSOLUTE SALE

Notice is hereby given that the estate of the late **Josefina Purificacion Genova,** who died on July 12, 2018 in Pasong Buaya, Imus City left a parcel of land covered by Transfer Certificate Title No. T-536640 issued by Registry of Deeds Province of Cavite situated in Imus City, Cavite (187) sqm extra judicially settled among the legal heirs executed before notary public Atty. Oliver P. Agustin under Doc. No. 510 Page No. 103 Book No. 32 Series of 2022. Notarized date: October 21, 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**SEPTEMBER 4, 11 & 18, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF DECEASED PERSON ELIAS AVIÑANTE SANCHES With Deed of Absolute sale

Notice is hereby Given that the estate of the late **ELIAS AVIÑANTE SANCHES** Who Died on April 7, 2013 at bilog Alfonso, cavite Left a parcel of Land covered By Tax Declaration No. AA- 01-0007- 00024 Situated in brgy. Bilog, Alfonso, Cavite ( 2,586 ) SQM. Extra judicially settled among the Legal heirs. Executed before notary public atty. Elpidio M. Paligutan under DOC. No.488 page no. 99 book No. II Series of 2023 notarized date September 01, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**SEPTEMBER 4, 11 & 18, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE LEONORA ANTIPORDA

Notice is hereby Given that the estate of the late **LEONORA ANTIPORDA** Who Died on November 17, 2022 at tondo Manila, Left a parcel of Land covered By transfer certificate title No. 158308 Situated in brgy. Salitran, Dasmariñas, Cavite ( 297 ) SQM. transfer certificate title No. 451879 Situated Bo. Anabu Mun: of Imus ( 150 ) SQM. transfer certificate title No. 11794 Situated in brgy.San Jose pasay city ( 441 ) SQM. transfer certificate TITLE No.14348 Lot 2-A-1 containing an area of ( 8.4 ) SQM. Lot 2- C - 1 containing an area of ( 3.2 ) SQM. Lot 2-B-1 containing an area of ( 14 ) SQM. transfer certificate TITLE no.14348 Situated in San Rafael, pasay city, 3/4 portion of an area of ( 339 ) SQM. Certificate TITLE no. 131864 Situated in brgy. Balara, caloocan province of Rizal Lot 319 transfer certificate TITLE no. RT-7254 ( 75010 ) of the registry of Deeds Quezon city, ( 600 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among the Legal heirs Executed before atty. JOONE RANDYL, E. REVERA under DOC. No.188 Book no. 39 page no. XI Series of 2023 notarize Date July 24, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**SEPTEMBER 4, 11 & 18, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF DECEASED PERSON NARCISA CABADIN NUÑEZ

NOTICE is hereby Given that the estate of the late **NARCISA CABADIN NUÑEZ** Who Died on June 02, 2021 at General trias city, Cavite Left a parcel of Land covered By transfer certificate of TITLE No. 057-2013025552 Situated at Brgy. Pasong kawayan 2 Gen. Trias City, Cavite ( 572 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among Legal heirs Executed Before notary public atty. Elpidio M. Paligutan, under DOC. No. 387 Page no.79 Book no. II Series of 2023 Notarized Date: May 12, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**AUGUST 28, SEPTEMBER 4 & 11, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF THE ESTATE WITH WAIVER OF RIGHTS

Notice is hereby given that the estate of the late **ROSARIO DILIDILI AMPOSTA,** who died on May 10, 2023 in the City of Imus left a properties as Stated Below:

| STOCK HOLDER NAME | STOCK CERTIFICATE No. | No. of SHARE | COMPANY NAME |
|---|---|---|---|
| ROSARIO AMPOSTA | N-1009 | 349 | CAVITE MEDICAL CENTER |
| ROSARIO AMPOSTA | DDAA56684 | 33 | MANILA ELECTRIC COMPANY |
| | DDA409563 | 29 | |
| | DDA 052404 | 16 | |
| | DDA 014953 | 8 | |
| | DDA 00552 | 20 | |
| | DDA 509122 | 38 | |
| | DDA 289748 | 33 | |
| | DDA 094798 | 22 | |
| | DDA MEK0649477 | 19 | |

| NAME OF BANK | ACCOUNT NAME | ACCOUNT No. | AMMOUNT |
|---|---|---|---|
| METRO BANK | ROSARIO DILIDILI | 001-639-000 | ₱ 618,078.63 |
| | AMPOSTA or MILDRED, BERNARDO RAON or DELORES VILLANUEVA CAMACLANG | 000036392-0702 | SHARE OF ROSARIO AMPOSTA ₱ 206,026.21 |
| METRO BANK | JOSE SOLOY DENOY or ROSARIO DILIDILI AMPOSTA or EUFROSINA LUPIRA ORTIZ | 001-639-000 0000363941-5768 | ₱ 91,702.53 |

Extra Judicially Settled among the legal heirs, Executed before Notary Public Atty. Brian Moy R. Toman Under DOC. No. 181 Page No.38 Book No. II Series of 2023 Notarized Date: August 17, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**SEPTEMBER 4, 11 & 18, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH PARTITION ( ESTATE OF JUANA SIERRA RAMOS )

Notice is hereby Given that the estate of **JUANA SIERRA RAMOS,** Who Died on August 11, 1989 at indang, cavite Left a parcel of Land covered By Tax Declaration No. 10-0014-00177 Containing an area of ( 50,959 ) more or Less Located at Calumpang Lejos, indang, Cavite Covered By Lot No. 8510- B CAD- 459. Survey No. CSD-04-014887-D EXTRA JUDICIALLY SETTLED among the Legal heirs Executed before notary public atty. FE B. AÑONUEVO under DOC. No. 491 page No. 99 Book No. 185 Series of 2023, Notarized Date: September 8, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**SEPTEMBER 11, 18 & 25, 2023**

## DEED OF EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT WITH WAIVER OF RIGHTS

Notice is hereby given that the estate of the late **Eulalio Reyes dela Rea,** who died on March 1, 1981 in Manila and ErlindaRecuter who died on January 30, 2018 in Quezon left a parcel of land covered by Certificate of Title No. P-3757situated in San Vicente, Silang, Cavite, (410) sqm. Extra judicially settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Rolando G. Campos under Doc. No. 200 Page No. 41 Book No. 08 Seriea of 2023. Notarize date: August 31, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**SEPTEMBER 4, 11 & 18, 2023**



*Sa gitna, GenTri-Mayor Jonjon Ferrer (may suot na sombrero), kasama si Vice Mayor Jonas Labuguen (ika-anim mula sa kaliwa) at iba pang opisyal ng lungsod na magkakatulong na namahagi ng wheelchair, tungkod, walker sa mga PWDs. Pinasalamatan ni Mayor Ferrer si Mr. Dwight Bayona sa donasyong gamit na malugod na tinanggap ng mga may pisikal na kapansanan.*

# Alagang Ferrer sa PWDs, retired teachers



**REVANZE**

**by Domz B. CAOILE**

ITO talaga ang hindi ko maintindihan sa ginagawa ng mga expert economist natin tungkol sa problema ng mahal na presyo ng bigas.

OK naman 'yung layunin ng price cap sa bigas, ayon sa EO. No. 39 ni PBBM, pero ang solusyon e sa tingin ko po e lihis, wala sa hulog.

Ang napeperwisyo ay ang karaniwang tao na hindi makayang makabili ng P60 0 mas mataas pâng de kalidad na bigas, pero sino ang unang tinulungan ng mga ekonomista raw?

'Yung rice retail traders, hindi ang mammimili, akalain mo na sila pa ang inayudahan ng P15K bawat isa sa kanila, hindi ang kumukunsumo ng bigas.

Imbes na unang tulungan ang rice farmers upang makatipid sa mataas na produksyon mula sa pagtatanim, pag-aani at pag-iimbak ng aning palay, 'yung traders ang tinulungan.

Aba, e simple lang naman, e kung ang mga itinatagong bigas at kinumpiskang smuggled rice ay ibinenta nang mura sa mga palengke at rolling Kadiwa stores, natulungan sana ang mahihirap na pamilyang Pinoy.

Alam ng DTI, DA, Customs at maging ng LGUs kung saan itinatago ng mga smugglers at hoarders ang bigas para makalikha ng artificial shortage, e bakit hindi ang mga ito ang salakayin.

E, sabi ng karaniwang tao, e kasi, may "tumataba" ang bulsa sa mga tiwaling taong gobyerno.

@@@

Patuloy ang Alagang Ferrer ang naipakita kamakailan nang magkasama sina Gen Trias City Mayor Jonjon Ferrer at Vice Mayor Labuegen at mga konsehal na dilawa ang mga persons with disabilities (PWDs) upang hatiran sila ng wheelchair, tungkod, walker at nebulizer.

Hindi po nakaligtaan nina Mayor Jonjon at VM Jonas na mag-abot din ng ayuda pinansiyal sa mga nangangailangan ng gamot at bitamina, at siyempre ang pasasalamat kay Mr. Dwight Bayona sa donasyong wheelchair, walker, tungkod at nebulizer sa PWDd.

"Maraming salamat po, Sir Dwight sa inyong malasakit at kabutihang loob!È sabi ni Mayor Jonjon,

Siyempre, tuwang-tuwa naman ang mga nakatangggap sa donasyon ni Mr. Bayona na laging katuwang ng pamahalaang lungsod sa mga proyektong makatutulong sa mga nangangailangang GenTrisenos.

Isa pang maganda ay ang ginawang pagkilala ng pamahalaang lungsod sa malaking ambag ng mga retiradong titser at school administrator na pinangunahan nina Mayor Jonjon at Vice Mayor Jonas.

Paano kung walang magagaling na guro at edukador na nagturo sa atin, ano na kaya tayo ngayon?

Marami sa atin ang natuto ng maraming kaalaman at mga bagay mula sa ating mga guro na tumayo ring pangalawang magulang sa ating paglaki, at ito ay kinilala nina Mayor at Vice Mayor, kasama si 6th District Congressman Ony Ferrer at mga opisyal ng pamahalaang lungsod.


Sabi ni Mayor Jonjon, dakilang propesyon ang maging maestro at maestra, lalo na at isa itong gawaing dala ay maraming sakripisyo, kalakip ang pagmamahal sa mga bata na parang tunay nilang mga anak.

Sila ang tagahubog ng magandang kinabukasan ng ating kabataan at ng bansa.

Maraming salamat po, aming mga guro! (domzcaoile@yahoo.com)


BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
VOLUME 1 NO. 50 | 10.00 | SEPTEMBER 11 - 17, 2023






WE HEARD YOU

Due to insistent request, we have decided to open our farm for DAY TRIPS!!!

Hoooooorayyyyyy!!!!😊

Our goal is to be a place of love and joy where guests come to spend time to enjoy themselves and enjoy nature. Starting August 25, 2023, families can now enjoy the ff. activities:

◈Animal Farm Tour and Feeding ◈ATV Ride◈Go Cart

◈Horse Back Ride◈Fishing

◈Billiards, Dart and Table Tennis ◈Dining

Prior booking is required. Hurry!! Call us today!

📞 +63 939 991 3468

☎ (046) 4020252

📧 ejplayandcampground@gmail.com

Location: Malagasang 1, Imus, Cavite